



**NAETISL**

National Association of  
Educational Translators and  
Interpreters of Spoken Languages



**MODDC**

Missouri  
Developmental  
Disabilities Council

# **Epektibong Komunikasyon: *Ano ang Dapat Asahan Mula sa Isang Interpreter***

---

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling \$1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.



[naetisl@gmail.com](mailto:naetisl@gmail.com)

NAETISL



*Follow us*



MODDC



[moddc@moddcouncil.org](mailto:moddc@moddcouncil.org)



[www.naetisl.org](http://www.naetisl.org)

[www.moddcouncil.org](http://www.moddcouncil.org)



## Epektibong Komunikasyon: *Ano ang Dapat Asahan Mula sa Isang Interpreter*

---

### **Mabisang Pakikipag-usap sa Paaralan ng Iyong Anak**

Iniuutos ng mga batas na pederal na ang mga paaralan ay magbigay ng impormasyon sa mga pamilya, sa isang wikang maiintindihan nila, tungkol sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na ibinabahagi din sa mga pamilya na mahusay sa Ingles. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa:

- Pagpaparehistro at pagpapatala sa paaralan
- Mga programa sa tulong sa wika
- Mga report card
- Mga patakaran at mga pamamaraan ng pagdisiplina sa mag-aaral
- Mga kumperensya ng magulang at guro
- Mga pamamaraan upang mag-file ng mga reklamo
- Mga handbook ng mag-aaral at magulang
- Mga programa para sa mga gifted at may talento
- Mga paaralan ng magnet at charter
- Espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo
- Impormasyon tungkol sa mga extracurricular na aktibidad
- Mga paunawa tungkol sa kawalan ng diskriminasyon



Ang tagasaling pasalita (interpreter) ay isang taong maaaring makapagbigay sa iyo ng suporta sa wika habang nakikipagpupulong sa guro ng iyong anak o iba pang mga tauhan ng paaralan nang personal, sa pamamagitan ng video o sa telepono. Ang tagasaling pasulat (translator) ay isang taong makakatulong sa iyo na maunawaan ang mga nakasulat na dokumento, na ang orihinal ay sa Ingles, sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga ito sa isang wikang pinili mo. Para gumana ang interpretasyon (saling pasalita) ang lahat na kasali sa pagpupulong

Ay dapat makipagtulungan, magtanong, at humiling ng mga pag-uulit at paglilinaw kung kinakailangan. Tandaan, kung hindi mo naiintindihan ang isang bagay, hilingin sa interpreter na linawin o ipaalam sa mga tauhan ng paaralan. Maipapaabot ng interpreter ang iyong kahilingan ngunit **hindi niya dapat** sagutin nang direkta ang iyong tanong. Nasa ibaba ang ilan sa mga patakaran na dapat sundin ng mga tagasaling pasalita (interpreters) at tagasaling pasulat (translators) kapag tinutulungan ka nila sa mga paaralan:

### **PAGIGING KUMPIDENSYAL:**

Kailangang laging protektahan ng mga tagasalin ang iyong impormasyon at ang impormasyong may kaugnayan sa iyong anak.

Ang impormasyong ibinahagi sa panahon ng isang pagpupulong o sa mga dokumento tulad ng mga record ng mag-aaral, mga transcript, o mga medikal na record, ay dapat panatilihing pribado, maliban kung bibigyan mo ng pahintulot ang interpreter na ipahayag ito sa mga guro o iba pang tauhan ng paaralan.





Ang Batas para sa mga Karapatan ng Pamilya at Pagkapribado o FERPA ay isang batas na nagpapaliwanag kung paano protektado ang impormasyong ito: <https://www2.ed.gov/policy/gen/guid/fpco/ferpa/index.html>

### **WALANG PINAPANIGAN:**

Kailangang laging walang pinapanigan ang mga interpreter, at hindi sila maaaring magbigay ng pagsangguni, payo, o ng kanilang mga personal na opinyon o paniniwala. Kapag tumatayo sila bilang tagasalin mo, hindi nila maaaring subukang kumbinsihin kang pumili ng desisyon.

Ang koponan ng IEP, kabilang ang mga magulang, ang siyang gumagawa ng mga pagpapasiya tungkol sa kung anong ELD at mga espesyal na serbisyo sa edukasyon ang matatanggap ng mag-aaral at kung paano ihahatid ang mga ito.

Ang parehong hanay ng mga serbisyo ay dapat na maipag-ugnay upang ang mag-aaral ay matuto nang epektibo sa parehong mga larang.

### **PROPESYONAL NA HANGGANAN:**

Sa pagpupulong, kailangang ang interpreter ay kikilos lamang bilang isang tagasalin. Matutulungan ka niyang makipag-usap sa ibang mga tauhan ng paaralan na siyang makakasagot sa anumang katanungan o alalahanin na mayroon ka.





## **KAMALAYAN SA KULTURA:**

Kailangang magpakita ang tagasalin ng paggalang sa iyo, sa iyong anak, at sa iyong mga paniniwala at kagawian sa kultura. Makakatulong ang interpreter na linawin ang hindi pagkakaunawaan sa kultura sa pagitan ng mga guro at magulang, ngunit kailangan niyang humingi muna ng iyong input palagi.

## **KATUMPAKAN:**

Dapat ipaalam ng interpreter ang iyong sinasabi, nang eksakto tulad ng sinasabi mo, nang hindi binabago ang iyong mensahe o tinatanggal ang impormasyong sinabi mo. Maaaring hilingin sa iyo ng tagasalin na linawin ang isang salita o isang ekspresyon upang matiyak na ang iyong mensahe ay naipaparating nang tumpak.

## **PAGGALANG:**

Kailangang tratuhin ka ng interpreter at ang mga tauhan ng paaralan nang may paggalang palagi. Kailangang lutasin niya ang anumang salungatan sa propesyonal na paraan. Kung nakaramdam ka ng hindi paggalang, mahalagang ipaalam mo ito sa paaralan.

## **PAGTATAGUYOD:**

Susuportahan ka ng tagasalin habang pinoprotektahan mo ang iyong sariling mga karapatan at titiyakin niya na naririnig ang iyong tinig. Kung nararamdaman mong may isang bagay na hindi patas sa iyo o sa iyong anak, mahalagang ipaalam mo ito sa paaralan.





## **PROPEYONALISMO:**

Kailangang palaging propesyonal ang tagasalin. Hindi siya dapat mahuli sa isang pagpupulong at dapat siyang magpakita ng paggalang sa iyo at sa paaralan sa lahat ng oras.

## **PROPEYONAL NA PAG-UNLAD:**

Kailangang patuloy na matuto ang tagasalin ng mga bagong kasanayan at bokabularyo upang matulungan kang maunawaan ang impormasyon. Hindi dapat tumigil ang tagasalin sa pag-aaral.

